# At Nag-usap ang Dalawang Alamat sa Balay-Aklatan

**WILL P. ORTIZ**

Hindi nakikita ng karaniwang mata ang Balay Aklatan. Hindi napapansin ng karaniwang tao ang daan patungo rito, tila isa lamang madawag na kakahuyang ikaliligaw ng maraming tao ang pook na ito. Pero para sa may matang kagila-gilalas, matatagpuan niya ang aklatang itong nakatayo sa gitna ng kakahuyan. Yari sa kahoy at napalilibutan ng mga bintanang capiz, at bukas na bukas kaya't malayang naglalabas-masok ang sariwang hangin, maging mga hayop na nais sumilong sa aklatan. Pero dahil sa taglay na kakaibang kagalingan, hindi ito nababasâ o naaalikabukan tulad ng ibang aklatan, sabihin pa, gayundin ang mga aklat na naririto.

Naaamoy sa aklatang ito ang mga aklat na tila galing sa matagal na pagkakaimbak sa imprenta, may halimuyak para sa iba at parang pabangong ididikit pa sa ilong pero sa mga sanay sa kompiyuter, nakakasulasok ang amoy. May mga pahina ng aklat na maaligasgas dahil parating ginagamit. Laman ng aklatan ang lahat ng akdang isinulat ukol sa Pilipinas at kaugnay ng Pilipinas. Magtataka marahil ang karaniwang tao kung paano magkakasya sa isang maliit na balay ang lahat ng mga aklat pero para sa mga nananaliksik at nagbabasa sa aklatang ito, karaniwan lamang ang maligaw sa loob ng aklatan. May mga pagkakataong kailangang sunduin ng matandang nagbabantay sa aklatang ito ang mga naliligaw. Pero para sa mga gustong maligaw sa loob ng aklatan, alam ng matandang

bantay kung sila'y kakaunin o hindi.

Pero paano naman ang gutom? Hindi uhaw o gutom ang mga taong nakakikita nitong aklatan, iba ang kanilang uhaw o gutom na maampat lamang ng pagkahanap at pagkabasa ng mga akdang iba at mahirap makita. Dito nakahahanap ng tahan ang mga nilalang na kinakatkat ng gutom sa kaalaman. Dito nabubuhay ang mga taong lagi at laging nasa gunita ng madla. Dito may buhay silang dinugtungan ang hibla.

Nagsisilbi itong tahanan ng mga taong itinuturing na alamat.

Alam na alam niya ang pasikot-sikot sa aklatang ito. Nakapaa niyang binaybay ang bawat bahagi ng aklatan, ito ang uri ng mga paang sanay sa pag-akyat sa bundok, may kutis na kayumangging kaligatan at marahil hindi nabuburdahan ng tattoo o peklat ayon sa alamat, pero para sa kanya, katawa-tawang hindi man lamang magalusan ang isang nilalang na lagi nang naghahanap ng mga hayop na sugatan upang pagalingin ang mga sugat, nagbabangon ng mga natimbuwang na puno, nagbubuhat ng mga batong maaaring gawing pahingahan. Naghahanap siya sa partikular na araw na ito hindi ng isang aklat kundi ng isang tao. Nakakita siya ng buntot ng isang pusang itim, sinundan niya ito, at tila alam na alam ng pusa ang kanyang pupuntahan. At nang matagpuan niya ang hinahanap, nakita niyang pinaglalaruan ang sungot ng pusang itim at ikinayamot ito ng pusa kaya't kinagat nito ang kanyang kamay. Sa halip na iurong ang kamay, lalo pa nitong ininis ang pusa, na lalong nagdiin ng mga pangil nito sa kanyang kamay. Sa mga mata ng pusa, parang nagsasabi ito ng "Ganyan ka bang talaga? Makulit kaya maraming nagagalit." Binitawan siya ng pusa nang makitang hindi nito iuurong ang pang-aasar. Pumuwesto na lamang ito sa dulo ng mesa at umikot-ikot hanggang humiga at natulog. Tinitingnan lamang ng taong kanyang hinahanap ang pusa at tulad nga ng sinabi ng isang kilalang awtor ng kanyang awtobiyograpiya, "may ngiti siyang mala-Voltaire."

Tinitigan siya ng mga matang kanina pang naghahanap sa kanya. Taliwas sa mga larawan niyang laging nakikita sa mga aklat na laging naka-*three-piece suit* at ang panloob na koton shirt ay puti at tila nakasasakal ang pagkakabutones sa leeg, at may hawak na sombrero, nakita niyang naka-kamisa de tsino ito at nakaputing pantalong koton na may kaluwagan sa binti, wala itong sapin sa paa. Nakatapak ang mga paa nito sa kawayang sahig ng aklatan.

Marahan ang ginawang paglapit ng nakamasid sa

kanyang tinititigan na ngayo'y may tangan nang limang aklat na magkakapatong. Naupo ito sa harapan niya. Nakita na siya ng kanyang hinahanap. May pagkamangha ang pagkakatitig sa kanya.

"Ikaw na nga," sabi nito sa isang tinig na natutuwa't nabibighani't namamangha.

Ngumiti sa kanya ang bagong dating. At bago pa nito nahila ang batibot upang upuan, nasa kanyang tabi na ang lalaking kanyang hinanap at hinila nito ang upuan.

"Hindi niyo ho kailangang gawin iyan," sabi niya sa lalaki.

"Hindi ko kailangan pero nais kong gawin," sagot niya.

"Bakit? Sa pinagmulan kong panahon, hindi na ito ginagawa," sagot niyang nagtataka.

"At sa anong panahon kayo nagmula? Hindi ba kasama sa inyong panahon ang paggalang sa mga babae?"

"Hindi ho sa ganitong paraan. Tulad ng inyong nais, marami nang kababaihan na tulad ng ginawa ng mga taga-Malolos ang nagsisipag-aral at mayroong talinong magpasya... Pero puwede rin kung gusto nyo, wala namang masama."

"Siyanga ba? Anong panahon ang inyong pinagmulan?" ulit na tanong ng lalaki dahil hindi niya nasagot. "2012."

"Panahon ng pagbabago, panahon ng milenyo. Wala akong inabot na mga milenyo, pero noon pa man, isinulat ko na, na mayroong mga babaeng magiging tanyag na mga abogada. Marami ba?"

"Kung kasikatan lang, at talino ang pag-uusapan, marami, maraming babae ang matalino at matatag, ibinoto na sa pinakamataas na posisyon, pero iba pa pong usapin ang pagiging makabayan...

"At Aya ho ang pangalan ko sa kasalukuyang panahon."

Tumigil siya sa pagsasalita. Naisip niya, hindi kasama sa maraming mga babaeng nasa rurok ng kanilang mga posisyon sa lipunan ang pagmamahal sa bayan. Hindi na kasi uso iyon sa panahon ng milenyo.

Mayroon siyang nais tanungin sa kausap kung bakit siya naroon. Pero hindi maaaring biglaan.

"Ipinabasa po sa aming klase ang inyong di-tapos na nobela, na pinamagatan ng mga nakatuklas, naroon nga sa isang kabanata ang isang abogadang pinangalanan ninyong Donya Orang."

"Ah, pati pala ang borador ko'y natuklasan ng mga nagsasaliksik?" tanong nito.

"Marami rin hong nagtatanong kung bakit ninyo ginawa ito samantalang wala namang babaeng nakapagtapos ng abogasya sa Pilipinas sa inyong panahon."

Hindi niya inasahan ang

pagpalakpak nang malakas ng kausap kasabay ng halakhak.

"Nakita ko na iyon sa aking pagmumuni. Darating ang panahong magkakaroon ng mga babaeng abogadang tanyag. Hindi nga ba?"

Tumango ang kausap. Pareho silang sandaling hindi umiimik. Bawat isa'y naghihintay ng tanong na magbubukas ng maraming tanong at sugat. Pero kailangang may tungkabin kung kailangan kaya't nagsimula siya. "Nabasa ko G. Pepe ang isinulat mo tungkol sa akin noong 1890. La Solidaridad. Naka-microfilm na ho. Hindi ko alam na may kopya pala rito." Inilibot niya ang kanyang paningin sa Balay Aklatan na kailanman ay hindi pa niya nagalugad ang bawat sulok. Parang laberinto ang aklatan na may mga pintong nagbubukas ng iba pang mga pintuan at mga misteryong di kayang unawain ng mortal na utak.

Magkaharap sila, at nakaupong kapwa sa silyang batibot at napapagitnaan ng mesang gawa sa kamagong na ang kintab ay parang sa salamin. Makapal ang kamagong at ang mga paa nito'y gayon din, matibay, mabigat, matatag. Naalala niya na kasama niya si Malina, kaibigang diwata at gabay niya nang putulin nila ang puno na nag-alay na ng buhay nito matapos ang unos sa Laguna. Hindi kailanman nila kikitlan ng buhay ang anumang nilalang nang hindi ito pumapayag na mag-alay ng sariling buhay, nagdasal sila, nagritwal, matapos na bumagyo at magupo na ang puno.

Tiningnan ni G. Pepe ang nagtanong, isang batang babaeng nakauniporme ng paldang checkered na pula at asul, nakatatak ang "Abraham Lincoln High School" sa kurbata nito, naka-medyas ng hanggang tuhod pero walang sapatos. Tinatawag nito ang sarili ngayon bilang si Aya na tila hango sa pangalan nitong Maria.

Hindi niya alam kung bakit pero tila may tinig ang hangin na nagsasabing nawala siya sa panahon ng Espanyol, sa panahon ng Himagsikan pero ngayong milenyo ay muling bumalik. Hinihipo ng hangin ang maitim nitong buhok, sumasayaw sa liwanag ng araw na nagmumula sa bintana ng aklatan. Hindi niya inakalang makatatagpo niya ang nagsasalita sa mahiwagang aklatang ito na nagsilbing kulungan at kanlungan niya. Kulungan at kanlungan. "Bakit mo ako isinulat, Ginoong Pepe?" tanong muli ng kausap niya na tila binusbusan ng bubog ang bawat banggiting titik, taliwas sa mukha ng nagsasalita ang nakikita niya, malamlam ang mata, may tarik ng bangin na alam niyang naroon pero di makita ng kanyang paningin.

Ipinilig ni Pepe ang kanyang ulo, at sa isang kidlat ng segundo, nakita niya ang

tunay na katauhan ng batang babaeng kanyang kaharap. Hindi siya ordinaryong batang babae. Hindi siya karaniwang nilalang---nakita niyang bumukas ang mga pakpak nito na tila nagbabagang esmeralda at pula, nag-aagawan sa pagtingkad sa pagdapo ng sinag ng araw mula sa bintana ng Aklatan.

Naalala niya ang kanyang walang sawang paghahanap sa kanyang kaharap, o mas tiyak sa isang diwatang nagngangalang Maria Makiling noon, higit nang isang daang taon ang nakararaan, nang hanapin niya ang imahen ng diwata, hindi, napailing siya, diyosa.

"Malungkot na malungkot ako noon, dahil hindi ko maisalba ang aking pamilya mula sa pagkawasak ng Calamba ng mga prayleng Dominikano... Hindi lamang ako nangungulila subalit halos masiraan ng bait sa lugaming sinapit. Binalak ko na rin noon na tapusin na ang paninirahan sa Pilipinas at lumipat na sa Sandakan. Malaking kasiraan. Sa gayong panahon ko naalala ang mga kuwento ng aking yaya...

"Napakaganda mo raw at hindi tumatanda," sandaling tumigil si Pepe at tinitigang muli ang kaharap, naisip niyang hindi ganda lamang ang makikita sa batang si Aya. Maraming higit pa.

"Matangkad, mahinhin at may malalaking mga mata at buhok na hanggang talampakan, may kulay ng kayumangging kaligatan. Maliliit at tila sutla ang iyong mga paa't kamay at lagi kang seryoso kapag nagpapakita mula sa malayo. Sa ganyang katauhan ka ipinakilala sa akin ng aking yaya...

"Madalas ko kayong hanapin sa Bundok Makiling dulot ng aking pangungulila. Ngunit minsan ma'y di kayo nagpakita sa akin," sabi niya sa isang tinig na nagnanais maging masigla ngunit parang batang nawalan ng lukso ang mga hakbang.

Nangunot ang noo ni Ginoong Pepe nang makitang hinuhubad ni Aya ang kanyang mga medyas sa paa. Nagpatuloy siya sa kanyang sinasabi kahit nagtataka sa ikinikilos ng kanyang kausap.

"'Isang nilalang na mahiwaga, kalahating nimfa, kalahating silfide, ipinanganak sa ilalim ng sinag ng buwan ng Filipinas, sa misteryo ng kagubatan nito, at sa bulong ng mga alon ng katabing dalampasigan.[1] Iyan ang aking isinulat, tandang-tanda ko."

Tumayo si Aya. Iniurong nito ang bangkong kanina'y kanyang kinauupuan at gamit ang isang kamay lamang, iniusog rin ang mesang kanilang pinagigitnaan upang ipakita sa kanya ang mga paa at binti nitong walang medyas.

---

1 Sipi mula sa "Maria Makiling" ni Jose P. Rizal na inilathala sa La Solidaridad, Nobyembre, 1890.

"Hindi mala-sutla ang kutis ko, dahil hinasa ako, sa aking pagbabalik, upang maging mandirigma. Muli. Kaibigan ko si Ka Andres at kasama ko siyang lumaban sa himagsikan noon. At ngayon, ngayon, ito muli ang pipiliin kong daan," sabi ni Aya nang walang pangingimi, tiyak ang bagsak ng salita.

Tinitigan ni Pepe ang kanyang mga paa, na may mahahabang daliri at tila may mga sugat at pilat sa biglang tingin. Pero nawawala. Nandoon isang sandali at nawawala.

Naalala muli ni Pepe ang kanyang isinulat noon na lagi raw nakikita si Maria na tila bumabagtas sa mga damo nang lumulutang, nakikita rin daw siyang nasa ituktok ng matatarik na bangin, habang nasisinagan ng buwan ang kanyang sutlang damit at buhok na nililipad ng hangin. Tila siya isang silfide sa mga sinasabi ng mga nakakita sa kanya, nilalang na nakatira sa hangin, hindi nakatapak sa lupa, tumutugtog ang harpa habang ito'y umaawit.

Pero ibang-iba ang kanyang kaharap sa ngayon. Solidong-solido, nakatuntong sa sahig ang nakahubad na paa, may mahahabang biyas pero mahahalata ang masel at iniusog ang mesa na parang manipis na papel ang gaan. Mali ang mga haka-haka, namalikmata ang mga nakakita.

Inilahad ni Aya ang kanyang mga kamay, nakita niya ang maliliit na sugat na tila papagaling na. Nakikita rin niya ang maliliit na gurlis na tila naging pilat na.

"Nakuha ko po ito sa pagtatanggol sa isang batang binubugbog ng kanyang amang *bodyguard* ng isang *congressman*, nakita ko siya sa kalye habang nanonood ang marami, nakangiwi, nakangiti, nagpipista ang mga mata, nakatulala, walang ginawa," paliwanag ni Aya nang walang damdamin, walang umiigkas na bubog sa mga salita.

Natanto ni Pepe na si Maria o si Aya ng kasalukuyan ay bahagi ng kanyang imahinasyon sa panahon ng kanyang pagkalugami, itinuring niya itong ang kanyang bayang tinubuan sa isang panahong nasa uso ang pagsulat rin ng romantisismo ukol sa bayan.

"At ang mga kuwento ukol sa pagbibigay ninyo ng kaayusan pagkatapos ng bagyo o delubyo?"

Ninyo. Ginamit sa kanya ni G. Pepe ang "ninyo." Kung minsan ay naguguluhan siya. Taglay niya ang pisikal na kaanyuan ng isang dalagita pero tila ang paggalang sa kanya ng kanyang kaharap ay parang sa nuno nito. Kung sana'y maalala niya ang lahat sa kanyang nakaraan na tila tinangay ng mga delubyo at demonyong gawa ng nakaraan at ng kasalukuyan.

"Totoo, G. Pepe. Pero hindi sila naayos na parang mahika pag dumaraan ako. Kailangan ko hong itayo ang

mga nakatumbang puno, akyatin o kaya'y liparin ang mga sangang sumabit, magbigay ng enerhiya sa mga naghihingalong puno't halaman, mga dapo na nadaganan, mga paruparong napunitan ng mga pakpak, mga ibong nabalian ng buto."

"Talaga palang nanggagamot din kayo?"

"Napakaraming isinulat sa akin. Tama kayo. Nanggamot ako sa mga nasalanta't nasugatan pero may karamdaman ang bayang ito na higit sa pisikal lamang. Hindi ba't sinabi ninyo iyan?"

Tinitigan siya ni Pepe.

"Hindi ako silfide o nimfa, na laging nakikipaglaro sa hangin o nagtatampisaw sa tubig.  Hindi ako tagapangalaga lamang ng kalikasan. Sa tingin ninyo, hindi kaya kayo naapektuhan ng mga nabasa ninyo sa Mitolohiyang Griyego o Romano?" tanong ni Aya na malumanay, walang nagbabadyang anuman.

Muling umupo si Aya. Muling ibinalik ang mesa gamit lamang ang hintuturo at hinlalaki na para bang napakaselan ng kamagong na tangan.

"Maaari nga," sagot ni Pepe. Ngumiti rin siya. Sumang-ayon ang pambansang bayani.

"Bakit hindi n'yo sinuportahan si Ka Andres noon?" bumalik ang seryosong tinig ng dalagita.

"Noon. Hindi ako nakatitiyak kung panahon na upang maghimagsik. Napakaraming kulang sa pamumuno noon ni G. Bonifacio. Sinabi ko na ito sa kanila nang ipasugo niya si G. Valenzuela noon sa Dapitan. Kailangan nila ng tulong ng mayayamang pamilya, pero ni hindi nila ito nagawa man lamang," tugon ni Pepe na nakakunot ang mga noo pero tila nahihirinan sa tanong. May bahid ito ng kaunting lungkot at panghihinayang.

"Dumanak lamang ang dugo nang walang nangyayaring pagbabago," dagdag pa ng bayani.

"Hindi na iyon mapipigilan. Kailangan nang maghimagsik dahil natuklasan na ito ng mga Kastila. Masaker po ang mangyayari kundi kami maghimagsik," paliwanag ni Aya.

"Kasama ko si Gat Andres sa pagtatayo noon ng Liga Filipina, kapwa kami nagnanais ng isang pambansang organisasyong magbubuklod sa ating nasyon. Inakala ng marami na iyo'y repormista lamang na simulain, ngunit alam niya na simula iyon ng aming bisyon ng malawakang pagbabago," tugon ni Pepe nang napapailing.

"Naunawaan ako ni Ka Andres," pagpapatuloy ni Pepe, "nalalaman niyang ang paghahanap namin noon ng reporma ay paggigiit lamang ng mga natamo nang tagumpay ng Constitución de Cádiz, ang pagkakaroon ng awtonomiya ng mga kolonya, ang pagkakaroon ng representasyon sa cortez. Simula lamang iyan. Sinong

taong nag-iisip ang mananatiling nagigiit lamang ng reporma?"

Bumuntong-hininga ang bayani. Umiling.

"At nalalaman kong pinagtatagis pa kami ni Gat Andres, siya ang rebolusyonaryo at ako ang repormista? Hindi ba't pareho ang aming isinusulong? Ang interes ng aming bayan."

Lumamig ang hangin. Umaalon ang dibdib ni Pepe nang muling magsalita, "nagkatagpo ang aming landas dahil sa aming mithiin, at ngayo'y itinuturing pa kaming magkalaban at may magkaibang prinsipyo. Nagkaiba lamang kami ng panahon."

Tinitigan siya ng diwata. Inaarok ang lalim ng kanyang sinabi. Ngunit ipinagpatuloy lamang ang nasimulan niyang pagkukuwento sa Supremo.

"Hindi ko na naipagtanggol si Ka Andres noon. Hindi na naging malinaw ang nangyayari noon sa Katipunan... Nawala siya at nalaman namang ipinapatay siya ni Heneral..."

Parang may nakabikig sa lalamunan niya na ayaw banggitin ang kasunod na pangalan, "Aguinaldo. Nagtago na ho siya at kung saan-saang lupalop napadpad, nalaman pa naming nagdaraos siya ng mga piging kapag may pagkakataon..." napapaismid ang diwata. "Pagkatapos, dinukot ako ng mga sundalong Amerikano," tila may nakahirin sa lalamunan at may nakadagan sa dibdib sa huling bahagi ng sinabi ni Aya.

Nahiwatigan ito ni G. Pepe. Ano ang ginawa ng mga Amerikano? Nalalaman niya na maging noon na maaari nitong sakupin ang Pilipinas. Sinabi niya na ito sa *Filipinas Dentro de Cien Aňos* at alam niyang binasa ito ng mga Filipino. Hindi niya gusto ang mga Amerikano. Kahit nang mapunta siya sa New York ay hindi niya nagustuhan, pawang kahambugan at diskriminasyon ang kanyang naranasan. Pero anong dahas ang ginawa nila sa kanyang kaharap?

"Hindi pa rin po nagbabalik ang alaala ng mga nangyari sa akin noon nang buong-buo," sagot ni Aya na parang sinagot ang tanong ng kausap. Sandali silang nanahimik at ang narinig nila ang kaluskos sa kabilang bahagi ng aklatan. May nagbubuklat ng mga pahina ng aklat. Sino pa ang narito sa aklatang ito? tanong ni Aya sa sarili. Isa kaya ito sa maaaring sumagot sa kanyang mga katanungan?

Tumayo si Aya at pinuntahan ang kaluskos. Tumayo rin si Pepe at sinundan nila ang mga kaluskos. Dinaanan nila ang mga hanay ng mga libro na sampung talampakan ang taas. Nakailang hanay sila bago nila nakita ang pinagmumulan ng kaluskos. Sa isang sulok, nakasuot rin ng kamisa-de-tsino ay may lalaki na matamang nagbabasa at nakita nilang bigla itong bumunghalit ng tawa.

Tiningnan ni Aya si Pepe nang may pagtatanong sa mukha.

"Siya si Ka Kiko. Kilala nyo siya. Hindi niya tayo mapapansin hangga't siya'y nakaharap sa mga babasahin. At saka na kita ipakikilala. Ngunit alam ko pong kilala ka na niya."

Kiko. Kiko. Sino si Kiko? Sinilip ni Aya ang binabasa nito na tila print-out sa kompyuter habang papalayo sila. Ang binabasa ni Kiko ay komiks na *Dead Balagtas*. Napangiti si Aya, nais niyang kausapin si Ka Kiko ngunit mas mahalaga ang kanyang pakay sa kausap.

"Naniniwala ho ba kayo sa ngayon sa sinasabi ni Ibarra o ni Simoun?"

"Alin doon?" tanong ni Pepe na tila pinalalawig ang panahon, tila gomang binabaltak ang sukdulan at nagnanasang hindi pumilantik pabalik sa kanya.

"Sinabi ni Simoun kay Basilio na ang pag-aaral ng wika ng ibang bayan ay magbubunga ng bayang walang sariling kamalayan, walang kalayaan at pati kapintasan ay hiram dahil sa pagpipilit manghiram ng wika."

Hindi sumagot si Pepe.

"Hindi naman ho iyan verbatim," ngumiti si Aya. "Nasa anong panahon ang inyong pinanggagalingan?" tanong ni G. Pepe sa batang diwata.

"2012 po."

Ngumiti si Pepe at sumagot, "Sa kalagayan ninyo sa kasalukuyan, naniniwala pa rin akong magbubuklod sa mga pulo ng Pilipinas ay ang sarili nating wika. May mga pagkakataong ang pag-aaral ng wikang banyaga ang magbubunsod ng pagpapailalim sa ibang utak, paaalipin. Tinutuligsa ko ang mga kabataan na di maalam magsalita at umunawa ng sariling wika. Bago ninyo, ah, nila, pag-aralan ang Ingles at iba pang wikang banyaga, dapat nilang harapin ang pag-aaral ng sariling wika."

"Tama pa rin si Simoun sa usaping ito, paunlarin ang sariling wika nang mawala ang pagtatangi-tangi at magkaroon ng mga layuning pambansa. Nakalulunos ang kabataang gumagamit ng wikang banyaga ngunit hindi man lamang pinag-aralan ang sariling wika."

Napakaraming tanong sa utak ng batang diwata na nag-uunahang magsilabas.

"Bakit hindi ninyo hinayaang sumabog ang lampara? Bakit hindi ninyo hinayaang mamatay ang mga dapat na mamatay? Bakit ninyo ginawang repormista lamang ang mga kabataan? Bakit pagtatayo lamang ng paaralang magtuturo ng Kastila ang kanilang layon? Hindi ba kayo naniniwala sa rebolusyon?"

Umuga ang mga kabinet na kinalalagyan ng mga aklat. Umingit ang mga kawayang sahig. Pumasok ang malalakas na bugso ng hangin mula sa bintanang kapiz. Tinitigan ng lalaki ang diwata ngunit hindi ito

sumagot.

"Naparatangan kayong repormista ng marami kahit na kayo'y naging pambansang bayani," dagdag ni Aya, tumayo at may hinanap mula sa kabinet ng mga aklat na naroon. Nang makita ang kanyang hinahanap, kinuha niya ito at ipinakita kay Pepe. Ipinakita niya ang isang komiks ng *Dead Balagtas* na kasama si Rizal.

"Ito ang pagtingin sa iyo ng iba," iniabot ni Aya ang komiks habang nagsasalita.

Napangiti si G. Pepe sa nakita. Isang hambog na Rizal ang nasa komiks. Mapagmalaki lalo na sa Supremo ng Katipunan.

"Wala akong magagawa kung iyan ang pagtingin sa akin. Subalit noon, pinanindigan ko ang pagtataya at paniniwala ko na hindi sapat ang emosyon at galit upang magpasimula ng rebolusyon," sagot ni Pepe habang binubuklat-buklat ang komiks.

"Repormista ka ba o rebolusyonaryo?" tanong ng diwata. Nawala ang mga gramatikal na pananda ng paggalang.

"Naniniwala ako na ang pagpapadanak ng dugo ay paraan upang ang mga sinisikil ay makalaya sa mapaniil pero nararapat na may akmang panahon, kailangan ng pagtantiya at pag-iingat. Pagpaplano nang may utak." Tumigas ang tinig ni Pepe.

"Walang armas at munisyon, walang suporta mula sa ibang bayan, walang suporta ng mayayaman. Lahat ng mga rekisitos na iyon ay wala sa panahon ng Supremo ng Katipunan," sinasabi niya ito habang nakikita sa labas ng bintana ng Balay Aklatan ang pamumuo ng papadilim na mga ulap.

"Hindi ko gagawin ang aking nobelang *El Filibusterismo* kung hindi ko pinag-isipang mabuti ang ibubunga ng rebolusyon. Sinabi na ito ng isang nagsulat ng aking awtobiyograpiya---ang aking nobela ay mariing babala sa rebolusyon ngunit nanghahatak para sa rebolusyon."

"Si Elias ang inyong tauhan na pumasa sa inyong *criteria* para mamuno ng rebolusyon, hindi si Simoun, pero bakit ninyo pinatay ang inyong bayani?

"Pinagsisihan ko ang ginawa kong pagpatay kay Elias, siya ang tauhan kong nakauunawa na ang pag-ibig sa bayan ay pagbubura din ng mga personal na hinanakit upang makapaglunsad ng isang rebolusyong moral," umaalon ang dibdib ng bayani habang nagsasalita. Sa labas ng bintana, ang mga madidilim na ulap ay nagsimulang lumuha. Ang hangin ay tila may galit ring bumubuga sa iba't ibang direksiyon. Ang mga puno ng kawayan sa paligid ay tila mga lasing na humahapay, hindi alam kung saang direksiyon

yuyukod.

"Sasama po ba kayo sa akin kapag dumating ang panahon? Malalim ang sakit ng bayan."

"Kailangan ko lamang na maghanda sapagkat hindi ko alam kung hanggang saan ang kapangyarihan ng aklatang ito. Hindi ko alam kung sa paglabas ko sa silid na ito ay bigla na lamang akong mabura. O maglaho nang tuluyan. Napakarami ko pang dapat na basahin, saliksikin, sulatin."

Tiningnan ni Aya ang mga libro sa aklatan, may bago na hindi pa nabubuklat, may ubanin na tila isang basa na lamang ay magugunaw na ang pahina, may naghihintay lamang na mabuklat, may nagpapahiwatig na nais lamang manatili sa kanyang sulok na kinalalagyan.

"Sinabi na po ito ni Ka Kiko," tugon ni Aya, na parang may lantay na lungkot ang bawat salita—"Nagbabalik mandi't parang hinahanap/dito ang panahong masayang lumipas:/na kung maliligo'y sa tubig aagap, nang hindi abutin ng tabsing sa dagat."

Nagtitigan ang dalawang alamat. Nagsasalimbayan sa kanilang mga utak ang nakaraan at kasalukuyan at nilalahukan ng hinaharap. Naramdaman ni G. Pepe ang bigat ng loob at ang pagnanasang makapagsalita ukol sa nakaraan at hinaharap. Nakakulob sa kanyang dibdib ang plano't pangarap na hindi pa rin natutupad. Sa labas, patuloy ang paghapay dito at doon ng mga sanga ng punongkahoy na mangga at bayabas, gayundin ang kawayang tila natutumba sa iba't ibang direksiyon.

Nagsalita muli ang batang diwata, habang naglalakad tungo sa isang bahagi ng aklatan na may nakasulat na *Iba Pang mga Koleksiyon*. Binuklat niya ang isang aklat at ipinakita kay G. Pepe ang pintura ng isang kilalang pintor. "Kanlungan ang aklatang ito, pero hindi natitinag ang panahon dito. Dito, ang panahon ay tila tulad ng painting ni Dali, na ang mga relo'y natutunaw, walang kahulugan ang minuto, segundo, o oras. Lahat ng kasaysaya'y hindi nagaganap sa loob ng aklatang ito."

"Surrealismo, hindi pa ito naganap noong panahon ko," nasabi ng Ginoong bayani na tumango-tango. Nakatingin siya sa larawan na nasa aklat pero ang utak niya'y tila tumagos sa aklat, sa larawan, at maging sa mesang kinapapatungan ng aklat.

"G. Pepe, narito kayo sa aklatang ito na pana-panaho'y may nagbubukas na pinto. At kung hindi papasuki'y maaaring magsara nang tuluyan..." Nakita ng batang diwata ang malalaking patak ng ulan sa labas, hindi alam ng lupa kung magdiriwang dahil sa sagot ito ng kanyang pagkauhaw o lulunurin siya ng bangis ng rumaragasang tubig.

Tiningnan muli ng batang diwata ang kanyang mga kamay

na tila may nagbubukas na mga sugat.

"Iiwanan kayo ng panahon," sabi niya nang malamlam, mapayapang tinig.

"Nalalaman ko sa aking pagbabasa na sa panahong estudyante kayo ni Sanchez, nagsulat kayo ng tulang "Por La Educcacion Recibe Lustre La Patria," at kasabay nito ang pag-angat ng inyong politikal na kamalayan."

Nakita ni Pepe ang madilim na madilim na langit, tila may itinatagong ngitngit. "Ang tinutukoy ninyong "patria" ay hindi Espanya kundi Pilipinas. Hindi ito naintindihan ng guro ninyong pari at inakalang ang tinutukoy nyo pa rin ay ang Espanya at walang masama sa pagnanais ng edukasyon ng kabataan. Napakatalasik ng inyong tula, nakatagong palihim ang marubdob na hangaring magkaroon ng sariling bayan."

Nilingon siya ni Pepe, "akala ko'y walang sinumang nakaunawa niyon."

Hindi siya sinagot ng diwata, sa halip iba ang sinabi nito, "Sa inyong kaliwa, nakikita ninyo ngayon ang bagong pinto."

Nakita nga ni G. Pepe ang ngayon lamang na lumabas na pinto na tila nagbabaga ang mga gilid.

"Nariyan sa pintuang iyan ang taong 1896, panahon pa rin ng himagsikan, hindi pa kayo nahahatulan ng kamatayan ng pamahalaang Kastilang inyong pinanampalatayaan."

Umiling si G. Pepe, "Noong panahong iyon, wala akong mapagpipilian, nais ko man ng rebolusyon, hindi handa ang ating bayan. Paano kang magrerebolusyon na walang tangang sapat na armas?"

Tinitigan siya ng diwata. Tumayo ito at bumukas ang mga malalabay nitong mga pakpak. At nakita ng pambansang bayani ang paglalagablab ng mga ito. Nakatatakot ang ganda. Nakaliliyo ang kapangyarihang maaaring umamba.

"Wala silang armas ngunit ibinuwis nila ang kanilang buhay, hanggang sa panahon ng paglukob ng mga dayuhang Amerikano," sagot ng diwata.

Itinaas ng diwata ang kanyang mga kamay at inilapit sa kanya. Nakita ng bayani ang bakas ng sugat. Hinawakan siya ng diwata sa balikat at nakita niya ang nangyari sa diwata sa panahon ng Amerikano. Halos walang malay ang diwata na nakakulong sa isang hawla. Nasa paligid niya ang isang dayuhan na tinawag na "Gen. Smith" ng mga nakaunipormeng mga sundalo. Hindi sumala ang kanyang hula. Kung mayroon mang ibig na sumakop sa kanila sa panahon ng Kastila, hindi ito kapwa mga Asyano kundi mga Amerikano. Naputol ang kanyang alaala nang makita ang hawak ng tinawag na heneral. Isa itong bakal na may nakatatak na "S" sa gitna. Alam niya ito, mga

bakal na ginagamit na pantatak sa mga hayupan. Hindi lamang iisa ang nasa hurno, bawat isa sa mga bakal na pantatak ay may iba't ibang hugis at letra, tulad ng *pitch fork* o B Q (Barbeque?) Kinilabutan ang ginoo. Tumayo ang kanyang balahibo sa kamay. Nakita niyang lumapit si Smith sa diwata. Tinitigan niya ang mga kamay ng diwata na nakatali gamit ang alambre, at hindi basta alambre, mayroon itong mga tinik, gayundin ang mga paa nito na higit ang pagdurugo. Tila walang malay ang diwata at nasa gitna ng malaking hawla. Nahulaan niyang iniiwasan nito ang madikit sa mga bakal na hawla. Hindi siya maaaring madikit sa bakal.

"Hey wake, up, beautiful," sabi ni Gen. Smith. Pilit na iminulat ng diwata ang kanyang mga matang namumula sa kawalan ng tulog at hirap. Nang makita siya ng diwata, nakita ng ginoo ang galit nito at ni hindi man lamang pumitlag nang tatakan nito ang kanyang braso ng S. Tila naamoy ng Ginoo ang nasusunog na balat at napapitlag siya. Ayaw niya. Ayaw niyang maamoy ang pagdurusa ng diwata na tila nakasusulasok sa kanya. Humiyaw siya na parang siya ang ginawaran ng tatak. Nawala ang kamay na nakahawak sa kanyang balikat. Sa labas, gumuguhit ang tatak ng kidlat na tila baga nagleletrang "S."

Napatayo si G. Pepe, hinihingal siya, pinagpapawisan at nakaramdam din siya ng pag-iinit ng buong katawan. Pumikit siya nang mariiin. Sana'y hindi niya nakita ang ipinakita sa kanya ng diwata. Naramdaman niya na tila nanlalabo ang kanyang paningin. Hindi niya alam kung gaano katagal siyang nakatayo at nakatingin sa malayo bago muling narinig ang tinig ng diwata.

"May isa pa kayong pagpipiliang pinto sa aklatang ito, ang nasa kanan ninyo'y patungo sa taong 2012, isang panahong makabago ang teknolohiya ngunit nananatili pa ring alipin ang pagkatao at kalagayan ng mga Filipino.

"Mamili kayo, kanan o kaliwa o manatili kayo sa loob ng aklatang ito, kung saan magpapatuloy ang inyong walang hanggang pagbabasa, pagsusulat at pananaliksik."

Ngumiti ang batang diwata at yumukod. Nakitang muli ni Pepe ang anyo ng diyosa na napakaringal, at tila napaso siya at umatras ng isang hakbang.

Parang narinig niya na may tinig na umaalingawngaw. *Maiiwanan ka ng panahon.*

Nagbabago ang ulap, ang dilim ay napapalitan ng pumupulang ulap. Naalala niya ang kanyang nakaraan. Pinatay siya sa salang pagtataksil sa bayan, wala siyang pinagtaksilan sapagkat walang nabubuong bayan. Nang buuin niya ang Liga Filipina, inakala rin ng marami na repormista siya, na isa lamang

itong kooperatiba, ngunit ang inaakala nilang kooperatiba'y para sa pagbubuo ng bayan. Nang kamayan siya noon ng magiging Supremo ng KKK, at sa higpit ng kanilang pagkakamay, alam nito ang kanyang bisyon, at bumulong, "alam ko ang nais ninyong simulain." At napatango siya noon.

Ngunit ngayon, ano pa ang silbi ng pagbabalik? Ng paglabas sa pintuan? Sino pa ang nakakikilala sa kanya? Wala. Wala na. Buklatin man siya nang buklatin sa aklatan, nagliliparan naman ang mga pahina't salita. Puros na paratang ang kanyang natamo. Sa 2012? Walang Josephine. Walang Leonor. Walang kapatid. Walang magulang. Sa 1896? Nagkapaksiyon ang KKK, pinatay ang Supremo at nalalaman niyang pinaslang rin ang kanyang kaibigang si Antonio upang makamit lamang ng iilan ang kapangyarihan. At naghirap pa rin ang mamamayan. A, walang natutunan sa kasaysayan. Bakit pa siya kailangang magbalik?

Nang makita niya ang kalangitan, may nabubuong sindak. Nagliliyab ang lintik, may kung anong gustong sabihin. At nakita niya sa liyab ng lintik ang ginamit na bakal ng Amerikano sa katawan ng diwata. Napaupo siya at napapikit. Umiiling.

Lumabas si Aya sa mahiwagang aklatan. Mabagal ang hakbang at mabigat ang mga paang parang may tinik na dinaraanan. Sa labas, biglang tumigil ang paghapay ng mga halama't kawayan parang naghahanap ng direksiyon sa kabila ng malalakas na hanging nagmumula sa iba't ibang direksiyon.

Eeeeee. Ingit ng pinto na nakaliliyo.

Napalingon si Aya.

Humapay ang mga puno't halaman upang magbigay ng daan.

May bumukas na pinto sa Balay Aklatan. ◆

NAGTUTURO SI WILL P. ORTIZ ng Philippine Studies at Malikhaing Pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nakatuon ang kaniyang mga pananaliksik at akda sa mga bata at kababaihan. Nanalo siya sa kategoryang maikling kuwentong pambata, tulang pambata, at sanaysay sa Palanca Awards. Unang libro niya ang *Bugtong ng Buwan at Iba pang Kuwento* (UP Press) na nabigyan ng Madrigal-Gonzalez First Book Award noong 2012. Nalathala ang kaniyang nobelang *Ang Pagbabalik ni Maria Makiling* noong 2015 (UP Press). Ang ikalawang aklat nitong *Si Maria Makiling at ang Alamat ng Animas Anya* ay inilathala noong 2019. Serye ito ng mga nobelang pantasya para sa mga young adult. Kasalukuyan niyang tinatapos ang ikatlo at huling nobela ukol sa batang Maria Makiling. Maaari siyang makontak sa bilogangbuwan@gmail.com.